Mensahe Tatlo

## Ang Bumubuong-sangkap ng Isang Bagong Tao—<br>ang Nagpapaloob ng Lahat, Masaklaw na Kristong Humahalili sa Kultura

Babasahin sa Kasulatan: Col. 1:15-18, 27; 2:9-10, 16-18; 3:4, 10-11

**I. Kung papasok tayo sa mga kalaliman ng aklat ng Colosas, makikita natin na sa aklat na ito ay tinutuos ni Pablo ang natatagong bagay ng pantaong kultura:**

A. Ang paggamit ni Pablo ng salitang *barbaro* sa Colosas 3:11 ay isang malakas na pahiwatig na ang Liham na ito ay tumutuos sa kultura.

B. Ang kultura ay ang sistematikong pamamaraan na pinaunlad natin upang umiral at mapanatili ang ating katauhan—Gen. 4:16:22:

1. Ang kultura ay ang di-namamalayang pamumuhay ng bawat tao—Efe. 2:2-3; 4:17.
2. Ang mga tao sa buong mundo ay nasa ilalim ng impluwensiya ng kanilang kultura.

C. Kung paanong ang kultura ay nagdulot ng malakas na impluwensiya sa mga mananampalataya sa Colosas, ang kultura ngayon ay nagdudulot ng malakas na impluwensiya sa atin—Col. 2:8-10, 16-18:

1. Hindi natin namamalayan, tayo ay nasa ilalim ng impluwensiya ng kultura tungo sa kung saan tayo ipinanganak; ang mga elemento ng kulturang ito ay bahagi ng ating katauhan—Gal. 4:3, 9; Col. 2:8, 20.
2. Nang pumasok tayo sa buhay-ekklesia, dinala natin ang ating kultura kasama natin, at unti-unting pinapahina ng kulturang ito ang ating pagtatamasa kay Kristo at ang buhay-ekklesia.
3. Sa isang malaking sukat, hinahalinhan ng kultura si Kristo bilang namumukod-tanging elemento sa buhay-ekklesia—b. 8; 3:11:
   a. Hindi namamalayan at namamalayan ma'y walang pagkakatanto, pinahahalagahan nating lahat ang ating kultura at nagbibigay tayo ng mataas na pagpapahalaga sa ating partikular na kulturang kinagisnan.
   b. Sa buhay-ekklesia, si Kristo ay hinahalinhan ng kultura nang higit pa sa anupamang bagay—b. 11.

**II. Inihahayag ng aklat ng Colosas na ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo ay lahat-lahat sa ekonomiya ng Diyos—1:15-18, 27:**

A. Kailangan natin ng isang malinaw na pangitain nitong kamangha-manghang Kristo bilang lahat-lahat sa atin.

B. Ang gayong pangitain ang tatapos sa impluwensiya ng kultura sa pagdaranas kay Kristo at sa buhay-ekklesia, at sa halip na maging mga makulturang tao, tayo ay magiging mga taong naokupahan, naangkin, at natigmakan ni Kristo—3:11b.

**III. Ang nangunguna, nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo ay ating buhay at ang namumukod-tanging bumubuong-sangkap ng isang bagong tao—bb. 4, 10-11:**

A. Ang bumubuong-sangkap ng ekklesia bilang bagong tao ay si Kristo at si Kristo lamang; ang nilalaman ng ekklesia ay walang iba kundi ang nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo—1:15-18; 2:9-10.

B. Bilang ating buhay at bumubuong-sangkap ng isang bagong tao, hinahalinhan ng nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo ang ating kultura ng Kanyang sarili—3:11.

C. Ang bunga ng pagtatamasa kay Kristo bilang ating bahagi ay yaong nararanasan natin Siya bilang nilalaman at bumubuong-sangkap ng isang bagong tao, at sa kasukdulan,

ang Kristong ating tinatamasa ay nagiging bumubuong-sangkap ng bagong tao—1:12; 3:11.

D. Ayon sa Colosas 3:11, sa bagong tao ay walang posibilidad na magpatuloy na umiral ang iba't ibang pangkulturang pagkakakilanlan:
   1. Walang mga pangkulturang pagkakakilanlan sa isang bagong tao, sapagkat ang bawat bahagi ng bagong tao ay binubuuan ni Kristo—b. 11.
   2. Sa ekklesia bilang bagong tao, walang puwang para sa rehiyonal, kultural, o nasyonal na pagkakakilanlan at walang lugar para sa anumang lahi, nasyonalidad, kultura, o panlipunang estado.

E. Dahil si Kristo ang namumukod-tanging bumubuong-sangkap ng bagong tao, dapat walang mga pagkakaiba sa gitna ng mga mananampalataya na siyang bahagi ng bagong taong ito, at dapat walang mga pagkakaiba sa gitna ng mga ekklesia—1 Cor. 4:17; Apoc. 1:12, 20; 22:16.

**IV. Bilang bumubuong-sangkap ng bagong tao, si Kristo ay lahat at nasa lahat; si Kristo ang lahat ng sangkap, at Siya ay nasa lahat ng sangkap—Col. 3:11:**

A. Sa ekklesia bilang bagong tao, si Kristo ang bawat isa at Siya rin ay nasa bawat isa—1:27; 3:11.

B. Sa isang panig, sa bagong tao ay walang lugar para sa natural na tao, sapagkat si Kristo ang lahat ng sangkap.

C. Sa kabilang panig, ang katunayang si Kristo ay nasa lahat ay nagpapahiwatig na patuloy na umiiral ang mga sangkap, hindi nang walang Kristo kundi bilang mga yaong pinananahanan ni Kristo—1:27.

D. Kapag kinukuha natin si Kristo bilang ating buhay at pagkakabuo, mayroon tayong pandama sa kaloob-looban natin na tayo ay kaisa ni Kristo at na si Kristo ay nasa atin, at kasabay nito, mayroon tayong mas malalim na pandama na si Kristo ay nasa atin—3:4.

E. Sa ekklesia bilang bagong tao, si Kristo ang lahat-lahat; ipinahihiwatig nito na ang lahat ng mananampalataya ay dapat mabuuan ni Kristo—1:15-18; 2:16-17; 3:4, 10-11:
   1. Dapat tayong malaganapan ni Kristo, matigmakan ni Kristo, at organikong maisagawa si Kristo tungo sa ating katauhan—Gal. 4:19; Efe. 3:17a.
   2. Kalaunan, hahalinhan tayo ni Kristo, at pagkatapos, sa realidad, si Kristo ay magiging lahat at nasa lahat; Siya ay magiging bawat bahagi ng bagong tao—Col. 3:11b.

F. Ang bagong tao ay si Kristo na nasa lahat ng banal na lumalaganap sa atin at humahalili sa atin hanggang sa ang lahat ng natural na pagkakakilanlan ay maalis, at ang bawat isa ay binubuan ni Kristo—Gal. 4:19; Efe. 3:17a; Col. 1:27.

G. Kapag mayroon tayong pangitain ng nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo kalakip ang sapat na karanasan kay Kristo, ang bagong tao ay mahahayag sa gitna natin sa isang praktikal na paraan, at maisasarealidad natin ang buhay ng bagong tao—3:10-17; Filem. 10-16.

H. Kung si Kristo ang pamumuhay ng lahat ng banal, saka lamang Siya mapasasabagong tao, at ipamumuhay si Kristo ng lahat ng banal, anuman ang kanilang nasyonalidad; pagkatapos sa tunay at praktikal na paraan, si Kristo ang magiging lahat ng sangkap ng bagong tao—Col. 3:11; Fil. 1:21a.

**V. Ang Bagong Herusalem ang magiging kahuli-hulihang kasukdulan ng isang bagong tao—Efe. 2:15-16; 4:24; Col. 3:10-11; Apoc. 21:2, 9-10:**

A. Kapag tayo ay naging Bagong Herusalem, matatamasa natin ang buhay ng pansansinukob na isang bagong tao.
B. Ngayon, maaari tayong magkaroon ng patikim ng pagtatamasang ito sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo na halinhan ang ating kultura, buuan tayo ng Kanyang sarili, at gawin tayong lahat na bahagi ng isang bagong tao sa realidad at praktikalidad—Col. 1:27; 2:10; 3:4, 10-11.

*© 2020 Living Stream Ministry*